



1 Setyembre 2019

Ika-22 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

PAMBANSANG BUWAN NG MGA KATEKISTA AT GURO

Ang Karunungan Mula sa Pagpapakumbaba at Pag-ibig na Walang Hinihintay na Kapitalit

Tayo ay nagdiriwang ng Ikdalawampu't Dalawang Linggo sa Karaniwang Panahon. Itinuturo sa atin ng mga pagbasa ang kahalagahan ng karunungan. Ngunit ang tunay na karunungan ay lingid sa kaalaman ng mga palalo, mapagmataas, at mga taong umiibig na naghihintay ng kapitalit. Ang tanging paraan para matamo ang karunungan ay ang daan ng pagpapakumbaba at dalisay na pagmamahal. Ang taong mapagpakumbaba ay bukas sa katotohanan at hindi takot sa katotohanan ng kanyang sarili. Dahil dito, dumadaloy sa kanyang kalooban, parang agos ng malinis, malinaw, at sariwang tubig, ang karunungan handog ng Diyos. Kalakip nito ang pag-ibig na hindi nag-aabang ng kabayaran. Mapuspos sana tayo sa pagdiriwang na ito ng kababaang-loob at pag-ibig na nagdudulot ng wagas na karunungan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y kahabagan sa maghaponing panawagan. Dulot mo'y kapatawaran sa lahat ng nagdarasal dahil lubos kang magmahal.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nagdudulot ng karunungan, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Tayo ay binibigyan ng Panginoon ng biyaya ng karunungan. Para sa ating pagwawalang-bahala sa handog na ito, humingi tayo ng tawad. (*Manahimik sandali.*)

P –Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa karunungan iyong iniaalay sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming kawalan ng pag-asa sa bunga ng kababaang-loob sa aming buhay. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming pagpapakita ng pag-ibig na naghahanap ng kapitalit at madalas ay may halong panlalait. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.

Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, tanang pinakamabuti'y iyong tinataglay. Gawin mong sa aming kalooba'y manuot ang pag-ibig sa iyong ngalang dakila at bantog upang sa pag-unlad ng aming pagsunod sa pananampalatayang iyong ipinagkaloob, mapagyaman mo ang kabutihang iyong inihandog at ang iyong pinagyaman ay mapanatili mong lubos sa iyong pagsubaybay sa amin at pagkukup sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Ecc 3:17-18.*
20.28-29

Ang ating Unang Pagbasa ay hangang sa Aklat ng Ecclesiastico o ang Aklat ng Karunungan ni Josue, Anak ni Sirak. Dito pina-pangaralan ng may-akda ang kanyang anak na pagsikapang matamo ang tunay na karunungan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Sirak

Anak ko, maging mapagpakumbaba ka sa pagtupad ng tungkulin, at mamahalin ka ng mga malapit sa Diyos. Habang ikaw'y dumadakila, lalo ka namang magpakumbaba; sa gayo'y kalulugdan ka ng Panginoon. Huwag mong hangaring maunawaan ang mga bagay na lampas sa iyong kakayahan, huwag mong saliksikin ang hindi mo kayang malaman.

Nililimi ng matinong tao ang mga talinghaga. Nawiwili silang makinig pagkat nais nilang matuto. Kung ang tubig ay nakamamatay ng apoy, ang paglilimos ay nakapapawi ng kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 67*

B—Poon, biyaya mo'y 'bigay sa mahirap naming buhay!

R. M. Velez



Po---on, bi--ya-ya mo'y bi-gay sa



ma--hi---rap na-ming bu--hay!

* Ang lahat ay nagagalak, natutuwa ang matuwid; sa harapan nitong Diyos, galak nila'y di malirip. Awitan ang Panginoon, purihin ang kanyang ngalan. Ang pangalan niyang banal, magalak na papurihan. **B.**

* Ang Diyos na naroroon sa tahanan niyang templo, tumitingin sa ulila't sangalang ng mga balo. May tahanan siyang laan sa sinuang nalulungkot, ang bilanggo'y hinahango upang sila ay malugod. **B.**

* Dahil sa 'yo, yaong ulang masagana ay pumatak, lupain mong

natuyo na'y nanariwa at umunlad. At doon mo pinatira yaong iyong mga lingkod, ang mahirap nilang buhay sa biyaya ay pinuspos. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Heb 12:18-19.22-24*

Ang Sulat sa mga Hebreo ay para sa mga alagad na nag-aalanganin na kung tama nga bang iniwan nila ang Judaismo para maging Kristiyano. Ipinaliwanag ng may-akda ang Jerusalem sa langit na siyang tahanan ng mga Kristiyano ay higit sa Bundok ng Sinai ng mga Hudyo.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Mga kapatid: Hindi kayo lumapit, gaya ng paglapit ng mga Israelita, sa isang bundok na nakikita sa Bundok ng Sinai na may nagliliyab na apoy, balot ng pusikit na kadiliman, may malakas na hangin, may tunog ng trompeta, at tinig na nagsasalita. Nang ang tinig na ito'y marinig ng mga tao, isinamo nilang tumigil iyon ng pagsasalita sa kanila.

Ang nilapitan ninyo'y ang Bundok ng Sion at ang lunsod ng Diyos na buhay, ang Jerusalem sa langit, na kinaroroonan ng di-mabilang na anghel. Lumapit kayo sa masayang pagkakatipon ng mga ibinilang na panganay, na nakatala sa langit. Lumapit kayo sa Diyos na hukom ng lahat, at sa mga espiritu ng mga taong banal na naroon na sa dakong inilaan sa kanila ng Diyos. Lumapit kayo kay Hesus, ang tagapamagitan ng bagong tipan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mt 11:29*

B—Aleluya! Aleluya!
Sabi ni Hesus na mahal:
“Dalhin n'yo ang aking pasan;
kaamuan ko'y tularan.”
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 14:1.7-14*

Ang tamang asal sa handaan ang naging daan sa pagtalakay ni Hesus ng kahalagahan ng pagpapakumbaba. Nais ding idiin ng Panginoon ang hindi paghahanap ng kapalit sa paggawa ng mabuti sa kapwa. Mapuspos sana tayo ng pagpapakumbaba at dalisay na pag-ibig.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Isang Araw ng Pamamahinga, si Hesus ay inanyayahang kumain sa bahay ng isang pinuno ng mga Pariseo; at binabantayan nilang mabuti ang kanyang mga kilos.

Napansin ni Hesus na ang pinipili ng mga inanyayahan ay ang mga upuang nakalaan sa mga piling panauhin. Kaya't sinabi niya ang talinghagang ito: “Kapag inanyayahan ka ninuman sa isang kasalan, huwag mong pipiliin ang tanging upuan. Baka may inanyayahang lalong tanyag kaysa iyo. At lalapit ang nag-anyaya sa inyong dalawa at sasabihin sa iyo, ‘Maaari bang ibigay ninyo ang upuang iyan sa taong ito?’ Sa gayo'y mapapahiya ka at doon malalagay sa pinakaabang upuan. Ang mabuti, kapag naanyayahan ka, doon ka maupo sa pinakaabang upuan, sapagkat paglapit ng nag-anyaya sa iyo ay kanyang sasabihin, ‘Kaibigan, dini ka sa kabisera.’ Sa gayon, nabigyan ka ng malaking karangalan sa harapan ng mga panauhin. Sapagkat ang nagpapakataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas.”

Sinabi naman ni Hesus sa nag-anyaya sa kanya: “Kapag naghahanda ka, huwag ang mga kaibigan mo, mga kapatid, mga kamag-anak o mayayamang kapitbahay ang aanyayahan mo, sapagkat aanyayahan ka rin nila, at sa gayo'y nagantihan ka. Kaya kung ikaw ay maghahanda ng isang malaking salu-salo, ang mga pulubi, mga pingkaw, mga pilay, at mga bulag ang anyayahan mo. Hindi sila makagaganti sa iyo at sa gayo'y magiging mapalad ka. Gagantihan ka ng Diyos sa muling pagkabuhay ng mga banal.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa

kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Tayong lahat ay tinatawag ng Diyos na matuto ng Kanyang pamamaraan at mapuspos ng pagpapakumbaba at wagas na pag-ibig. Sa bawat kahilingan ay ating sasambitin:

B–Diyos na bukal ng karunungan, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maipamalas nila ang karunungan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapakumbaba at pagmamahal sa mga maliliit at hamak, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay lumago sila sa karunungan dulot ng pagpapakumbaba at pag-ibig na walang hinihintay na kapalit, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang sa kanilang mataas na katungkulan ay maglingkod pa rin sila sa taong-bayan nang may kababaang-loob at may pag-ibig na hindi naghinihintay ng kabayaran, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong naglilingkod sa kanilang kapwa upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa buhay, upang sa langit nila abangan ang kanilang gantimpala, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang maunawaan natin ang mga pamamaraan ng Diyos sa pamamagitan ng ating paglago sa

kababaang-loob at sa paglilingkod sa kapwang hindi naghinihintay ng anumang kapalit, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P–Ama naming bukal ng dalisay na karunungan, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu upang mapuspos kami ng tunay na pagpapakumbaba at wagas na pagmamahal, na siyang magdudulot sa amin ng dalisay na karunungan ugat ng aming kaligtasan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, ang banal na paghahain ay lagi nawang magdulot ng iyong pagbabasbas na sa ami'y tumutubos upang ang ginaganap mo sa aming pagdiriwang ay maging lubos na pagkakaloob ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**–Amen!

Prepasyo II

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na

nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Kahanga-hangang lasapin ang pagkupkop mo sa amin, ito'y iyong inilihim nang dito'y pakinaabangin tanang sa 'yo'y gumigiliw.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, kaming nagsalu-salo sa pagkain mong bigay ay humihiling ng lakas mong inilalaan upang ang kagandahang-loob nami'y madagdagan sa paglilingkod namin sa iyong kadakilaan na nagpapaalab sa pag-ibig namin sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P—At ang pagpapala ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo ay sumainyo at manatili nawa sa inyo magpakailanman.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B—Salamat sa Diyos!

Munting Katesismo sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG MGA ANTAS NG PAGPAPAKUMBABA

Panimula: Maraming babae at ilan ring lalaki ang hindi masaya sa kanilang mukha. Dahil dito, naglalagay sila ng *make-up* para mapaganda ang kanilang mga sarili. Ngunit ito ay ipinapahid at ipinapatong lamang sa balat. Itinatago nito ang katotohanan ng kanilang mukha. Ayaw nilang ipakita ang totoo nilang itsura.

Pagpapalalim: Tayo rin ay nagbabalatkayo tungkol sa ating kalooban. Ayaw nating malaman ng ibang hindi naman tayo ganoon kagaling, na hindi naman tayo ganoon kabait. Ang tawag dito ay pagmamataas, kapalaluan, o kayabangan. Itinatago ng isang taong mapagmataas, palalo, o mayabang ang totoo niyang pagkatao.

Pagbasa: Lucas 14:1.7-14.

Buod: Ang daan para maging totoo ay ang kababaang-loob. Ang isang taong may mababang-loob ay hindi takot sa katotohanan ng kanyang sarili. Tanggap niya kung sino siya at hindi siya takot na ito ay malaman ng lahat. Kaya nga lamang, ayon kay San Ignacio de Loyola, ito ay may tatlong antas.

Ang **unang antas** ng kababaang-loob ay ang **pag-iwas sa kasalanan**. Ang kasalanan ay ang pagsalungat sa kalooban ng Diyos. Ang mapagpakumbabang tao ay hindi nag-iisip na higit na maganda ang kanyang ninanais

sa ninanais ng Diyos. Dahil dito, ay isinusuko niya ang kanyang kalooban sa Poong Maykapal. Alam din niyang ang kalooban ng Diyos ang siyang magdudulot ng tunay na kabutihan sa kaniya. Kaya ang pag-ayon niya sa nais ng Diyos ang siyang magdadala ng kaganapan sa kanyang buhay. Ganito ang kasalanan ni Haring Saul: “Kinuha namin ang pinakamainam na tupa at baka upang ihandog sa Panginoon” (1 Samuel 15:15b). Hindi niya tinupad ang utos ng Diyos: “Patayin mo pati kanilang mga baka, tupa, kamelyo, at asno” (1 Samuel 15:3d). Para kay Saul ay higit na maganda ang kanyang naisip kaysa iniutos ng Panginoon. Para bang sinabi niyang higit siyang marunong kaysa sa Diyos. Ito ay kapalaluan walang kapantay! Kaya ito ang pasya ng Diyos na ipinahayag sa pamamagitan ni Samuel: “Aalisin ka sa pagiging hari ng kanyang bayan” (1 Samuel 15:23b).

Ang **ikalawang antas** ng kababaang-loob ay ang **banal na pagwawalang-bahala**. Ito ay ang hindi pagkakaroon ng anumang ninanais sa buhay maliban sa ninanais ng Diyos. Sa pagsusulit ay hindi niya hinahangad ang pagpasa o pagbagsak, maliban sa kalooban ng Diyos. Sa panliligaw ay hindi niya ninanais na siya’y sagutin o ayawan, maliban sa ninanais ng Diyos. Sa pagkaka-sakit ay hindi niya hinahangad ang kagalingan o kamatayan, maliban sa kalooban ng Diyos. Ipinagwawalang-bahala niya ang kanyang sariling kagustuhan. Ang kanya lamang gusto ay kung ano man ang gusto ng Panginoon.

Ang **ikatlong antas** ng kababaang-loob ay ang **pagpili sa inaayawan ng marami**. Ito ay ang pagsasabuhay ng turo ni Hesus: “Pumasok kayo sa makipot na pintuan; sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang patungo sa kapahamakan, at ito ang dinaraan ng marami. Ngunit makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti lang ang nakasusumpung niyon.” (Mateo 7:13-14) Ito ay pagsalungat sa agos ng buhay ng higit na nakararami sa mga tao. Ito ay ang pagtahak sa daan ng krus na siyang pinili ng Panginoong Hesus. “Siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus” (Filipos 2:8b).

Pagsasabuhay: Nais nating sumaya sa buhay. Ang ugat ng malungkot na buhay ay ang kayabangan. Ang mapagpakumbabang tao ay laging maligaya. Walang anumang kahihyan, pagkabigo, o panlalait ang makagugulo sa kaniya. Tanggap niya ang kanyang pagiging hamak. Wala siyang ipinagmamataas.

Pagdiriwang: Ama naming mapagmahal, isugo Mo sa amin ang Espiritu Santong nagdudulot ng wagas na kaligayahan sa buhay. Nawa’y puspusin niya kami ng tunay na kababaang-loob upang makasunod kami sa landas na tinahak ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. Amen!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco, J. Feliciano • Circulation: R. Saldúa